**Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Adobe Substance 3D Assets**

May bisa simula Abril 22, 2025. Pamalit sa lahat ng naunang bersyon.

Pinamamahalaan ng Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Substance 3D Assets na ito ("**Mga Tuntuning Partikular sa Produkto**") ang iyong paggamit ng Substance 3D Assets at isinasama ang mga ito sa Mga Pangkalahatang Tuntunin ng Paggamit ng Adobe ("**Mga Pangkalahatang Tuntunin**") na matatagpuan sa www.adobe.com/go/terms_ph (ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito at ang Pangkalahatang Tuntunin ay sama-samang tinutukoy bilang "**Mga Tuntunin**"). Ang mga naka-capitalize na terminong hindi binigyang-kahulugan dito ay may kahulugang tulad rin ng tinutukoy sa Mga Pangkalahatang Tuntunin. Ang mga pagbanggit sa "**Mga Serbisyo**" sa Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ay patungkol sa Substance 3D Assets.

**1. Mga Kahulugan.**

1.1. Ang ibig sabihin ng "**Larger Work (Mas Malaking Likha)**" ay isang bagong likha ng may-akda na ginawa nang may kasamang di-binagong Substance 3D Asset.

1.2. Ang ibig sabihin ng "**Modified Work (Binagong Likha)**" ay isang bagong likha ng may-akda na ginawa, sa ilang bahagi, sa pamamagitan ng pagbago sa isang Substance 3D Asset.

1.3. Ang ibig sabihin ng "**(mga) Substance 3D Asset**" ay mga Substance 3D asset (kasama na ang, pero hindi limitado sa, materyales, modelo, ilaw, atlas, at decal) na ginawang available sa webpage ng Substance 3D Assets (o 3D Assets), Substance Launcher, desktop app ng Creative Cloud, o anupamang pagmamay-ari ng Adobe kung saan malinaw na tinutukoy ang mga nasabing asset bilang Substance 3D Assets o 3D Assets.

1.4. Ang ibig sabihin ng "**User**" ay isang indibidwal na maaaring gumamit o mag-access sa Substance 3D Assets.

**2. Pagbibigay ng Lisensya.** Hangga't sinusunod mo ang Mga Tuntunin, bibigyan ka namin ng lisensyang pandaigdigan, di-eksklusibo, limitado, nababawi, di-nalilipat, di-maaaring i-sublicense (maliban kung hayagang pinahihintulutan sa Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito), na walang hanggan para:

2.1. gamitin, kopyahin, at baguhin ang (mga) Substance 3D Asset;

2.2. bumuo ng mga hinangong likha batay sa (mga) Substance 3D Asset sa anyo lang ng isang Modified Work o Larger Work;

2.3. kopyahin, ipakita sa publiko, itanghal sa publiko, at ipamahagi ang (mga) Substance 3D Asset kung binago lang bilang Modified Work o isinama sa isang Larger Work; at

2.4. i-sublicense ang iyong mga karapatan sa (mga) Modified Work o (mga) Larger Work.

**3. Mga Paghihigpit.**

3.1. Ang mga sumusunod na paghihigpit sa lisensya ay ipinapataw sa iyong paggamit ng (mga) Substance 3D Asset. Hindi mo dapat:

(A) ipakita sa publiko, itanghal sa publiko, ipamahagi, o i-sublicense ang isang Substance 3D Asset kung hindi ito (1) binago bilang Modified Work; o (2) isinama sa isang Larger Work;

(B) gamitin ang (mga) Substance 3D Asset sa anumang paraan na nagpapahintulot sa isang third party na gamitin, i-download, i-extract, o i-access ang (mga) Substance 3D Asset nang walang ibang kasama;

(C) isagawa ang anumang kilos na may kinalaman sa (mga) Substance 3D Asset na labag sa intelektuwal na ari-arian o iba pang karapatan ng sinumang tao o anumang entity, gaya ng mga karapatang moral ng creator ng (mga) Substance 3D Asset o mga karapatan ng sinumang tao, o sinumang tao o anumang entity na may ari-arian, na lumalabas sa (mga) Substance 3D Asset;

(D) isama ang (mga) Substance 3D Asset sa isang trademark, logo, o service mark;

(E) gamitin ang (mga) Substance 3D Asset sa paraang pornograpiko, mapanirang-puri, o kaya naman ay labag sa batas; o

(F) salihan ang anumang aktibidad na nangingialam o nakakasagabal sa Substance 3D, kasama na ang mga server at konektadong network nito, o ang (mga) Substance 3D Asset.

Para makaiwas sa pagdududa, hindi mo maaaring ipakita sa publiko, itanghal sa publiko, ipamahagi, o i-sublicense ang isang kopya ng (mga) Substance 3D Asset na di-binago at walang kasama.

3.2. Maaari mo lang ipamahagi ang (mga) Substance 3D Asset na isinama sa isang Modified Work o isang Larger Work kung (A) ang Modified Work o Larger Work, nang walang kasamang (mga) Substance 3D Asset, ay kwalipikado bilang orihinal na gawa ng may-akda; at (B) ang pangunahing halaga ng Modified Work o Larger Work ay hindi

nakasalalay sa mismong (mga) Substance 3D Asset.

3.3. Hindi mo gagamitin, at hindi mo tuturuan o papayagan ang mga third party na gamitin ang Mga Serbisyo o Software (o ang anumang content, data, Substance 3D Assets, output, o iba pang impormasyong natanggap o nakuha mula sa Mga Serbisyo o Software) para direkta o di-direktang gumawa, magsanay, sumubok, o kaya naman ay magsaayos ng anumang machine learning algorithm o artificial intelligence system, kasama na ang, pero hindi limitado sa, anumang arkitektura, modelo, o weight.

4. **Epekto ng Pagwawakas.** Kapag natapos na ang iyong subscription at anumang termino ng pag-renew, mababalewala na ang lahat ng iyong karapatang mag-download ng karagdagang Substance 3D Assets. Alinsunod sa lisensyang ibinibigay sa iyo sa seksiyon 2 (Lisensya) sa itaas, maaari mong ipagpatuloy ang paggamit ng anumang (Mga) Substance 3D Asset na na-download at binayaran bago ang pagwawakas ng iyong subscription, at ang anumang nasabing Substance 3D Assets na ginamit ay mananatiling saklaw ng Mga Tuntunin. Hindi namin responsibilidad na panatilihing available ang na-download mong Substance 3D Assets sa pagwawakas ng iyong subscription. Bilang paglilinaw, hindi mo dapat i-sublicense o ipamahagi ang anumang Modified Work o Larger Work na ginawa o ginamit nang labag sa seksiyon 3 (Mga Paghihigpit).

5. **Pagmamay-ari.** Mananatili sa Adobe at sa mga tagapaglisensya nito ang lahat ng karapatan, titulo, at pagmamay-ari sa (mga) Substance 3D Asset.

6. **VIP.**

6.1. **Substance 3D Assets EDU offer lang**. Ang seksiyon 6.2 na ito ay angkop lang sa iyo kung ililisensya mo ang isang Substance 3D Assets EDU plan (ang "**Alok**") sa VIP. Kung may kinalaman lang sa alinmang Substance 3D Assets na lisensyado sa ilalim ng Alok na ito, ang lisensya sa Substance 3D Assets na nakalagay sa pangunahing teksto ng seksiyon 2 (hindi kasama ang subsection (A) – (D) na nananatiling walang pinagbago) ay pinangingibabawan at pinapalitan ng sumusunod: "**Pagbibigay ng Lisensya**. Hangga't sinusunod mo ang Mga Tuntunin, at kung may kinalaman lang sa mga aktibidad ng EDU User, at hindi para sa anupamang layunin, binibigyan ka namin ng lisensyang pandaigdigan, di-eksklusibo, limitado, nababawi, di-naililipat, di-maaaring i-sublicense (maliban kung pinahihintulutan ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito), na walang hanggan (para lang sa mga partikular na paggamit ng Substance 3D Assets na ginawa mo bago matapos ang iyong subscription at anumang termino ng pag-renew, kasama na ang Grace Period) na lisensya na:…". Kasama sa mga naaprubahang aktibidad ng EDU User, halimbawa, ang mga aktibidad na kaugnay ng coursework ng Mag-aaral at pananaliksik ng faculty sa Paaralan. Ang nabanggit na lisensya ay naipapaabot lang hanggang sa Mga EDU User hangga't angkop sa kanila ang kahulugan ng EDU User, at titiyakin mo na babawiin ang access sa Alok ng sinumang indibidwal na hindi na angkop sa kahulugan ng EDU User sa pagtatapos ng Grace Period (Panahon ng Palugit). Kung may kinalaman lang sa alinmang Substance 3D Assets na lisensyado sa ilalim ng Alok na ito, ang Seksiyon 4 ay pinangingibabawan at pinapalitan ng sumusunod: "Kapag natapos na ang iyong subscription at anumang termino ng pag-renew, magkakaroon ka ng 30 araw na palugit ("**Grace Period**") para gamitin ang alinmang Substance 3D Assets na na-download at binayaran bago ang nasabing pagpapawalang-bisa o pagwawakas, at ang alinmang Substance 3D Assets na ginamit ay mananatiling nakapailalim sa Mga Tuntunin. Hindi itinuturing na lisensyado ang alinmang Substance 3D Assets na na-download at binayaran mo bago ang pagpapawalang-bisa o pagwawakas, pero hindi ginamit bago matapos ang Grace Period. Hindi ka maaaring mag-download ng Substance 3D Assets sa loob ng Grace Period. Maliban sa pinahihintulutan sa loob ng Grace Period, hindi ka maaaring gumamit ng Substance 3D Asset sa unang pagkakataon, o sa isang bagong konteksto (gaya ng sa bagong Larger Work o Modified Work), pagkatapos ng mawalan ng bisa o magwakas ng iyong subscription at anumang termino ng pag-renew. Agad-agad pagkatapos ng Grace Period, dapat mong i-delete ang lahat ng hindi nagamit na Substance 3D Assets. Wala kaming responsibilidad na panatilihing available ang Substance 3D Assets para sa iyo pagkatapos mawalan ng bisa o magwakas ang termino ng iyong subscription at anumang termino ng pag-renew. Hindi mo dapat i-sublicense o ipamahagi ang anumang Modified Work o Larger Work na ginawa o ginamit nang labag sa seksiyon 3." Tulad ng paggamit dito, (1) ang ibig sabihin ng "**Mag-aaral**" at "**Paaralan**" ay tulad ng nakatakda sa Mga Tuntuning Partikular sa Produkto para sa K-12 at Mas Mataas na Edukasyon; at ang ibig sabihin ng (2) "**EDU User**" ay "User" din tulad ng tinutukoy sa Mga Tuntuning Partikular sa Produkto para sa K-12 at Mas Mataas na Edukasyon.